

# 1

“Sandali! Tama ba ako ng bahay na pinasukan? Hindi ba ’ko naliligaw? Dito ba talaga ’ko nakatira?” sunud-sunod na tanong ni Lara na sinundan niya ng tawa nang makita ang reaction ng kanyang Lola Vilma.

“Itong batang ito, binibiro na naman ako!” nakangiting sabi ng cincuenta y tres años na babae.

Apo siya ni Vilma sa pamangkin. Nakangiting lumapit siya sa matanda at nagmano.

“Kasi naman, Grandma, halos buong linggo na kayong abala para sa pagdating ng alaga ninyo. Eh, hindi nga kayo sigurado kung totoong uuwi ’yun ng bansa. At kung uuwi man, maalala kaya niya kayong bisitahin?” Inilibot niya ang tingin sa kabahayan. Maganda ang kulay ng bagong kabit na kurtina. Moss green.

“Kilala ko ang alaga ko, Lara. Kapag sinabi ay ginagawa.”

“Grandma, hindi naman kay Dadan mismo nanggaling ang balitang darating siya kundi sa ibang tao.”

“Kahit pa,” giit ng matanda. “Mabuti na iyong nakapaghanda ako. Ang tagal naming hindi nagkita, Hija. Mahigit na sampung taon. Nang mag-migrate sa Amerika ang buong pamilya ay labing-anim na taon si Dadan, katatapos lang sa high school.”

“Ang tagal na pala,” aniya. “Naku, Grandma, malamang na nagbago na rin ng panlasa ’yang alaga ninyo. Dapat ay inalam ninyo mula d’un sa nagbalita kung ano’ng mga kinakain niya sa Amerika.”

“Paborito ni Dadan ang adobong manok noon at natitiyak ko na iyon pa rin ang paborito niya. Kaya adobo ang isa sa mga ihahanda ko.”

“Speaking of adobo, naalala kong gutom na pala ako kaya ako nagmamadaling umuwi.”

Marahang napatawa si Vilma. “O, siya, sumunod ka na dito sa komedor at nang makakain.” Nagpatiuna na ito sa dining room at sumunod siya. “Kumusta nga pala ang exams ninyo?” tanong nito.

Third year student siya kursong Hotel and Restaurant Management.

“Okay naman po. Sure po akong papasa.” She took a bite of Vilma’s rice cake. Espesyal ang tsokolate na sawsawan ng suman. Eating was one of her hobbies. Masuwerte lang si Lara dahil mabilis ang

metabolism niya kaya kahit anong sarap at dami ng mga inihahain ng Lola Vilma niya ay nananatili ang kanyang pigura.

“Mabuti kung ganoon. Alam mo bang iyan din ang gusto ni Laura na kurso noon? Sayang lang at maagang umibig at nag-asawa ang mama mo,” pahayag nito.

Nadamay at nasawi sa isang pamamaril ang mga magulang ni Laura, ang mama ni Lara.

Sa apat na magkakapatid, si Vilma na bunso lang ang nakakaluwag, kahit na nga ba namamasukan lamang ito sa isang mayamang pamilya bilang yaya. Katunayan ay ito pa ang takbuhan ng mga mas nakatatanda. Dahil kapatid nito ang ama ni Laura, ito na ang umako ng responsibilidad sa naiwang pamangkin.

Dahil mabait ang mga amo ni Vilma ay pinayagan ng mga ito ang trece años na si Laura na sa kanila tumira kasama ni Vilma. At para kahit paano ay masuklian ang utang na loob sa mga amo ng tiyahin, nagkusa si Laura na tumulong sa mga magagaan na gawain sa bahay habang patuloy pa rin sa pag-aaral.

Pero, maaga itong na-in love. Eighteen years old lang ang kanyang ina at kaka-graduate lang sa high

school nang sumamang magtanan sa beinte años na nobyo. Ang pangarap ni Vilma na mapagtapos sa kolehiyo si Laura ay hindi nangyari. Nagalit si Vilma kay Laura. Subalit nang isilang si Lara, natanggap muli nito ang pamangkin.

“At kaya hindi mo na rin naisip na magpamilya ng sarili mo ay dahil sa amin ni Mama. Masuwerte kami sa 'yo. Kaya pangako, Grandma, magtatapos ako ng pag-aaral para ako naman ang mag-aalaga sa 'yo.”

Mula sa kinikita ni Vilma sa pamamasukan bilang yaya ay nakabili ito ng kapisasong lupa sa Canlubang, Laguna. Considerate din ang mga amo nito. Bago umalis ng bansa ay tiniyak ng mga ito na may magiging kabuhayan si Vilma.

At mula sa mga naipon ng matanda at sa halagang iniwan ng mga dating amo ay nakapagpagawa si Vilma ng dalawang maliit at maayos na paupahang-bahay na siyang tumutulong sa pag-aaral ni Lara.

Ang bahay na kanilang tinitirhan ay dati nang hinuhulugan ng kanyang papa na nang pumanaw sa isang aksidente ay awtomatikong bayad na.

“Lara, hindi kita pinag-aaral para lang maging tagapag-alaga ko kapag ako'y tumanda. Ang gusto ko lang ay magkaroon ka ng siguradong kinabukasan.

Makatagpo ka ng maayos at matinong lalaking makakasama mo sa buhay. Hindi ko naman gustong tumanda kang dalaga tulad ko.”

“Ibig sabihin, gusto n’yo na akong mag-asawa pagka-graduate ko?” biro niya rito bagaman alam niya ang ibig nitong sabihin.

“Ikaw, puro ka biro! Wala akong sinabing mag-asawa ka kaagad.”

Napatawa siya. “Ikaw naman, Grandma, siyempre alam ko ang ibig ninyong sabihin. Don’t worry, hindi ako magmamadali, at hindi rin magpapakatandang dalaga. Pero, Grandma, lagi mo pa rin sanang tatandaan na kahit kailan hindi kita pababayaang. I’ll always be by your side no matter what.”

Napangiti si Vilma. Hindi lang si Laura ang itinuring nitong anak mula nang maulila ang pamangkin sa mga magulang. Nag-extend pa hanggang sa apo ang pagiging ina nito nang tuluyang maulila si Lara. Binawian ng buhay si Laura dahil sa isang karamdaman.

“Puwera biro, Grandma, puwede ka pang humabol pa sa biyahe. Bata ka pa rin kung tutuusin. At maganda pa. Hindi ba’t gusto ka ngang ligawan ng may-ari ng hardware sa kanto?”

“Lara Ursula!” saway nito gamit ang buo niyang pangalan.

Hindi gusto ni Vilma na pag-usapan nila ang tungkol sa pag-aasawa nito bagaman sa tingin niya ay hindi iyon imposibleng mangyari.

“Eh, paano nga kung ma-in love ka, Grandma?”

“Maanong manahimik ka na nga lang at kumain. Mayamaya lang ay aalis ka na ulit para sa duty mo sa fast food. Lalabas lang ako at ibabalik ko na sa terasa ang aking mga halaman sa paso.”

Natatawang sinundan na lang niya ng tingin ang babae na batid niyang gusto lang umiwas sa kanyang mga panunukso.

---

“Yes?” takang tanong ni Lara sa taong napagbuksan niya ng pinto. Nahagip pa ng kanyang mga mata ang magarang kotse sa tapat ng kanilang bahay na nakatayo sa isang maliit na village sa Calamba City.

“Hi! Nandiyan ba si Vilma Robles?” the man asked in his deep and masculine voice.

Nawala sa kotse ang atensyon niya. “Bakit po ninyo hinahanap si Vilma Robles?”

“Nandiyan ba siya?” ulit nito sa pag-uusisa sa halip na sagutin ang tanong niya.

She frowned. “Sino po ba sila?” tanong niyang pinag-aralan ang hitsura ng kaharap.

Matangkad at guwapo ang lalaki. Mestizo. Pero kahit pa maayos ang hitsura nito ay hindi ibig sabihin na puwede nang pagkatiwalaan.

“I’m Jordan Davidson,” pakilala nito, sabay abot ng kanang kamay sa kanya.

Nag-alangan siyang tanggapin iyon pero hindi niya maatim na bastusin o supladahan ang lalaki.

“Jordan Davidson?” pag-uulit ni Lara. Binawi niya ang kamay.

Lumapad ang ngiti ng lalaki. “Yes, and I’d like to see Vilma Robles.”

Binistahan pa niyang maigi ang mukha ng kaharap. Bagaman may palagay na siya kung sino ito ay kailangang makasigurado.

“Hindi ka ba member ng *Budol-Budol Gang*?” nagdududang tanong niya pero sa totoo lang, gusto na niyang hilahin papasok sa kanilang pamamahay ang lalaki. Habang tumatagal kasi ay lalong nagiging prominente ang kaguwapuhan nito. At bihirang-

bihirang may magawi na kasing-guwapo nito sa kanilang lugar.

“What?” nagsalubong ang mga kilay na tanong nito. “Budol... budol?”

Lihim siyang natawa sa reaction nito pati na sa paraan ng pagbigkas ng budol-budol.

“Miss, hindi ako masamang tao. I’m Jordan Davidson. Dati kong nanny si Vilma Robles,” paliwanag ng lalaki na bukod sa ubod na nang bango ay ang gara pa ng bihis. Nakasuot ito ng baby yellow long sleeves na itinupi hanggang siko, itim na slacks na pantalon at black leather shoes. “Dadan. She calls me Dadan.”

“Ah!” bulalas niya. “Ikaw ba ’yun?” kunwa’y nagulat na turan niya. Hindi siya madaling magtiwala pero nasisiguro na niyang ito ang bisitang hinihintay ni Vilma. “Dadan!”

Bumalik ang makalaglag-pangang ngiti nito. “Yes, it’s me.”

“Oh! Ikaw pala si Dadan! Ang guwapo mo pala!” Kanina pa niya talaga gustong ibulalas iyon sa kaharap. Hindi naman masamang magsabi siya ng totoo. “Naku, eh, ano ba’ng ginagawa mo diyan? Halika nga, pumasok ka dito,” nakangiting sabi niya.



So, ang Dadan ay nagmula sa Jordan.

“Nasa loob ba si Nay Vilma?” anitong tila namuse sa reaction niya.

“Wala pa siya, pero malamang na pauwi na din ’yun. Dito mo na siya hintayin sa loob.” Ang kaninang medyo pagdududa sa kaharap ay tuluyang napalitan ng excitement.

Sino ba ang hindi ma-e-excite kapag may bisitang ganito kaguwapo?

“You are...?”

“Lara Ursula Edades,” pakilala niya. “Halika, pumasok ka na.” Saka lang niya napansin ang mga bagahe nito. Niluwangan niya ang bukas ng pinto at hinintay na makapasok ang bisita. She closed the door. “Welcome to our humble abode,” she said.

He smiled at her, flashing his perfect set of white teeth. Gusto na niyang matunaw sa ngiting iyon. “You must be her granddaughter.”

Kumunot ang noo ni Lara. “Kilala mo ako?”

“Well, I’ve seen you when you were... I guess three or four years old. Dinala ka ni Nay Vilma sa bahay. Hindi ka nga lang nagtagal kasi iyak ka nang iyak.”

“Totoo?” di-makapaniwalang tanong pa rin niya.

He smiled. “Oo nga. In fact, I tried to cheer you up by lending you some of my toys. Pero ayaw mo. Siguro kasi mga panlalaki ang mga laruang iniaabot ko sa 'yo na inihahagis mo naman.”

“Oh!” Pilit niyang inalala ang sinasabi nito kahit alam niyang medyo imposible. “So nagkakilala na pala tayo a few years back? Kailan lang 'yun, ha?” biro niya.

Tumawa ito.

At naisip niyang pati pagtawa nito, ang guwapong pakinggan. Napansin niyang nakatayo pa rin ang bisita.

“Dadan, ayaw mo bang maupo muna? Ang tangkad-tangkad mo kasi. Halos umabot ka na nga sa kisame, o,” sabi niya.

Ang totoo, nangangawit na siya sa pagtingala rito samantalang matangkad na siya sa height niyang five feet six inches.

Napatawa ang lalaki pagkuwa'y nilingon ang mahabang sofa at naupo roon. Pero kahit nakaupo ay malaki pa ring tingnan si Dadan or Jordan. Huwag lang nitong iuunat ang mga binti at tiyak na lalampas

ang mga paa nito sa opposite side ng center table.

“Ikukuha muna kita ng mainom. What do you want? Juice, water...” Ang totoo, iyon lang ang meron sila. Pero kung gusto nito ng soft drink, hindi naman kalayuan ang tindahan.

“Water please, Lara. Iyong malamig. Salamat.”

Napangiti siya sa sagot nito. Iniwan niya ang lalaki para kumuha ng hinihingi nitong tubig. Pagbalik niya ay tumayo ito at tinulungan siyang ibaba ang tray ng pitsel at baso sa mesita.

“Thank you,” sabi ni Lara. Sinalinan niya ng tubig ang baso.

Kinuha iyon agad ng bisita at derechong ininom.

“Salamat.” Inilapag nito ang baso sa tray at ipinaypay-paypay ang lapel ng suot na polo shirt.

Magsisimula na ang summer sa Pilipinas kaya malamang naiinitan na ito nang husto. Nakaramdam siya ng awa para sa balik-bayan.

“Pasensiya ka na, Dadan, wala kasi kaming AC. Maglalabas na lang ako ng fan para hindi ka masyadong mainitan.”

“Okay,” nakangiti nitong sagot. “Thanks.”

Nakailang beses na itong ngumiti nang ganoon sa kanya. Kaunti na lang talaga at magiging crush na niya ang dating alaga ng kanyang grandma. Iniwan niya ito at tinungo ang kanyang silid. Ilalabas niya ang sarili niyang desk fan, iyon kasi ang medyo bagu-bago sa tatlong fan na mayroon sila sa bahay. Pagbalik niya ay saktong pagtawag naman ni Vilma sa labas ng pinto.

“It’s her!” bulalas ng kanilang bisita sabay tayo at tinungo ang pinto. Ito na ang nagbukas para sa babae.

“Dadan!”

Nakita niya mula sa kinatatayuan ang nasorpresang si Vilma. Nabitawan tuloy nito ang hawak na bayong nang sugurin ng yakap ang lalaki.

“Nay Vilma! Kumusta na po kayo? It’s been a long time!” natutuwang sabi ni Dadan habang niyayakap ang babae.

Tuwa niyang pinagmasdan ang dating mag-yaya. Nakita niya ang galak sa mukha ng kanyang grandma. She must have really missed him.

Inalis ni Lara ang paningin sa dalawa at hinanapan ng sasaksakan ang desk fan. Naka-on na ang bentilador nang pumasok ang dalawa.

“Nakilala mo na siguro ang aking apo, Dadan? Si Lara.”

“Opo, Nay. And she’s been nice to me.”

Nakakainis. Konting papuri lang iyong narinig niya mula rito pero naglulukso na ang kanyang puso. And what did he say? Nice? Nginitian niya ang bisita pagkuwa’y kinuha mula kay Vilma ang mga pinamili nito.

“Maiwan muna kita, Dadan, ha,” aniya. “Thahanda ko lang ang mga lulutuin ni Grandma.”

“No problem, Lara. Thanks.”

“Wala ’yun. Bisita ka dito. Please feel at home.” Isang simpleng ngiti ang iniwan niya bago iniwan ang dalawa.

“Hindi ka man lang nagpasabing ngayong araw ka darating. Kapapamilya ko pa lang at magluluto pa lang ako para sa tanghalian.”

Mula sa kusina na kanugnog lang ng living room ay narinig niya ang sinabi ng kanyang grandma.

“Don’t worry about it, Nay,” sagot ni Jordan.

“O, siya, mabuti pa’y makapagsimula nang magluto. Na-miss mo ba ang pagkaing Pinoy?”

*More Than You'll Ever Know - Dani Alba*

---

“Hindi po masyado. Filipina po ang cook namin sa L.A. Pero na-miss ko ang mga luto mo, Nay Vilma!”

## 2

Tatlo ang silid-tulugan ng dalawang palapag na bahay ni Vilma. Pero kinailangang abandunahin muna ni Lara ang sariling silid at maki-share sa kanyang grandma dahil naging tambakan na lang nila ang ikatlong kuwarto.

Habang nagkukuwentuhan sina Jordan at Vilma ay sinamantala niya ang pagkakataon para linisin nang husto ang kanyang silid. Wala naman kasing kaabug-abog ang pagdating ng dating alaga ng kanyang grandma. Ang akala pa niya ay bibisita lang si Jordan, iyon pala ay sa kanila pa talaga ito titigil.

Gayunman ay masaya siyang abalahin ang sarili para sa lalaki. Jordan seemed so kind and friendly. Hindi rin ito maselan, tinikman nito lahat ng pagkaing inihanda nila ng abuela. Kahit pa ang inihaw niyang hito ay in-enjoy nito. She also served him fresh buko juice. Tingin niya ay Pinoy na Pinoy pa rin ang taste ng bisita nila bagaman hindi iyon halata sa hitsura nito.

Naku, huwag lang talaga lalabas si Jordan sa kanto at tiyak na pagkakaguluhan ito! Papasa kasi itong artista sa pelikula o kaya naman ay modelo.

Jordan Davidson had stern-looking eyes, a straight nose, and a square jaw. He was lean, muscular and broad-shouldered. Ang alam niya, sexy ang tawag ng mga romance writers sa built ni Jordan. At ang mestizo, guwapo at seksing lalaking ito ay matutulog nang ilang gabi sa silid niya. Sa silid na naging pribadong mundo ni Lara halos buong buhay niya. Pero okay lang na ipahiram ito temporarily sa bisita. The pleasure was hers.

Nang matiyak niyang maayos at malinis na malinis na iyon ay lumabas na siya dala ang mga pinagpalitang bed sheets, kumot at kurtina upang dalhin naman sa labahan.

---

“Para sa akin lahat ’to, Dadan?” tanong ni Lara kay Jordan nang iabot niya ang mga pasalubong para rito. “Totoo? Hindi ba ito joke?”

He laughed. “Of course not. Para sa ’yo talaga lahat ng ’yan.”

Sinilip nito ang laman ng paper bags pagkuwa’y nahihiyang tumingin sa kanya. “Hindi ko yata matatanggap...”

“But why?” kunot-noong tanong niya. “They’re for you, Lara.”



“Nakakahiya kasi. Ang mamahal sigurado ng mga ito.”

“Sige na, tanggapin mo na lang and just say thank you. Kapag tinanggihan mo ’yan, magagalit ako sa ’yo.”

Sandali pa itong nag-alangan. Narinig niya ang marahang buntong-hininga nito na para bang napakahirap ng ipinagagawa niya.

“Sige na nga,” sagot ng dalaga. “Hindi na kita pahihirapan. Salamat.”

Napangiti siya. “You’re welcome,” he said.

Magaan ang loob niya sa dalaga. Bakit hindi? She was nice and bubbly. Pero mahiyain din pala ito. Hindi halata dahil may pagka-straightforward ang dalaga.

“O, siya, maiwan na muna kita, ha? Papasok pa kasi ako sa trabaho,” paalam nito.

Kumunot ang kilay niya. “Trabaho? Saan ka nagtatrabaho?” Akala niya ay may lakad lang ito nang haponng iyon. Ang sabi kasi ng lola nito ay nag-aaral pa si Lara.

“Diyan sa *Simut Sarap*,” tukoy ni Lara sa pangalan ng fast food na pinapasukan.

“Hindi ba nag-aaral ka?”

“Oo. HRM student ako.”

So, working student ito. “At nagtatrabaho ka sa hapon? Hanggang anong oras ang duty mo?”

“Hanggang ten ng gabi.”

“Gusto mo bang ihatid na kita sa trabaho mo?”

“Naku, hindi na, Dadan. Huwag ka nang mag-abala. Pagod ka pa nga sa biyahe mo, di ba?”

“Actually, nag-check in at nakapagpahinga na ako sa hotel sa Manila. May kinausap pa akong mga tao bago ako tumuloy dito. Sure ka bang ayaw mong magpahatid?”

“Sure ako. Thank you na lang at pasensya na din, ha, pero bukas na lang tayo magkuwentuhan ulit. Mauna na talaga ’ko. Iaakyat ko lang itong mga pasalubong mo sa kuwarto ni Grandma.”

Gusto pa niya sanang itanong kung hindi ba delikado sa daan pauwi o kung may mga kasabay ba ito pero nakatalikod na agad si Lara. Mabilis itong umakyat sa second level ng bahay at mayamaya ay pababa na ulit.

“Sige, Dadan, kita tayo bukas. Si Grandma na

muna ang bahala sa 'yo," nagmamadaling sabi nito habang palabas ng pinto.

"Lara!" tawag niyang nagpahinto rito. She turned around and arched her brows.

"Yes, Dadan?"

"Take care."

---

"Hoy! Ano'ng meron? Bakit ka napapangiti diyan?" untag kay Lara ng kaibigan at kasamahan sa trabaho na si Mayeth.

Two years na siya sa *Simut Sarap*, si Mayeth naman ay tatlong taon na roon. Pareho sila ng pinapasukang kolehiyo sa Calamba bagaman nasa second year pa lang si Mayeth sa susunod na pasukan.

"Wala. May naalala lang ako," sagot niya.

"Ano naman? Siguro may boyfriend ka nang itinatago, ano?"

"Sira! Wala akong boyfriend. Kung meron, maitatago ko ba sa 'yo?"

"So, para saan 'yung mga ngiti mo diyan?"

"Wala nga. Natutuwa lang kasi ako d'un sa bisita

naming balik-bayan. Super bait! Biruin mo, ang dami niyang pasalubong para sa akin.” Hindi pa niya nauusisa ang mga laman ng paper bags pero nasilip niya ang ilang mamahaling pabango at gadget.

“Malamang. Gan’un naman talaga mga nag-abroad, di ba? Pasalubong galore.”

“Hindi lang ’yun. Kasi kanina, bago ako umalis ng bahay, kahit nakita niyang nagmamadali na ako, tinawag pa niya ako para sabihan ng *‘Take care’*.”

Ang lakas ng tawa ni Mayeth. “Yun lang? Kaloka ’to! Sinasabihan din naman kita ng ingat, ah! Napapangiti ka ba nang ganyan?” anito. “Unless...” Natitigilang tinitigan siya nito. “Teka, ito bang bisita ninyong ito ay babae o lalaki?”

Sandali siyang natilihan. “Uhm... lalaki—”

“Hayun! So, crush mo siya? O baka naman in love ka na?”

“Gaga! Kanina lang siya dumating sa bahay. Hindi ako naniniwala sa love at first sight. Kahit pa nuknukan siya ng guwapo.”

Tumawa ulit si Mayeth. “Ikaw talaga, nahuhuli ka sa bibig mo. Eh, di crush mo. Pero malamang na mauwi rin ’yan sa love. Hindi ka pa nai-in love ever,

di ba? So, heto na 'yung hinihintay mo.”

“Hay, naku! Tama na ang pag-uusap na ito,” aniyang sinulyapan ang relo. “Tek, patapos na pala ang break natin. Mabuti pa mauna na ako sa 'yo.”

Pero pinigilan siya ni Mayeth. “Lara, aminin mo na lang kasi kesa umiiwas ka.”

“Oo na nga, crush ko siya. Pag nakita mo siya, maiintindihan mo kung bakit. Pero, friend, hanggang d'un lang 'yun. Kasi hindi magtatagal, babalik na rin siya sa California. Kaya imposible ang sinasabi mong mauwi ito sa love,” sabi niya.

“Hay, tingnan na lang natin. Base kasi sa mga ngiti mo, iba ang dating sa 'yo nitong si Balik-bayan. Saka maano kung bumalik siya d'un? Uso naman ang LDR,” anito.

“LDR?” kunot-noong tanong ni Lara.

“Long distance relationships.”

Sabay silang napaligon ni Mayeth sa bagong dating na walang iba kundi si Boni, isa sa mga supervisors sa fast food restaurant at close friend nila ni Mayeth.

“O, Sir Boni, ngayon lang kayo,” puna niya.

“Oo,” anitong sumalampak sa isang upuan. “Hindi kasi ako makatanggi sa tita ko at pinaghanap ako ng tao. Eh, di kung saan-saan pa ako nakarating.”

“Bakit kasi kung saan-saan ka pa naghanap, Sir Boni? Hindi mo na lang ako tinawagan? Available naman ako sa umaga,” ani Mayeth dito.

“Kahit available ka buong araw, Hija, hindi ka pupuwede. Matangkad ang hanap ko, iyong puwedeng ka-double ni Bea Alonzo,” sabi ni Boni kay Mayeth. “Itong si Lara puwede pa,” turo nito sa kanya.

“Ako? Naku, ha! Kung si Bea Alonzo, dapat kasing-puti niya ang magiging ka-double. Siguro sa height papasa ako.”

“Seriously, Lara, bakit nga di ka pumasok na talent? Paminsan-minsan lang naman at makakadagdag din sa kita mo.”

“Sir Boni, okay na ’ko sa trabaho ko dito. Nakakaraos naman kaming mag-lola kaya hindi na siguro kailangan. Saka hindi ako uubra diyan. Promise! Mapapahiya ka lang.”

“Suggestion lang ang akin. At bakit ako mapapahiya? Maganda ka at matalino pa.”

“Sir, sa ngayon hindi talaga ang sagot ko.” Tumingin siya sa relo at napalundag nang makitang lampas na sila sa oras ng break nila. “Hala, Mayeth, tara na! Lagot tayo!”

“Lagot? Kanino kayo malalagot? Heto ang supervisor ninyo, o!” natatawang sabi ni Boni na sumabay na sa kanila papasok ng kitchen.

---

Tunog ng motorsiklo ang gumising sa naidlip na si Jordan. Doon siya nakatulog sa living room. Bumalikwas siya at sumilip sa bintana. Nakita niya nang bumaba ng sasakyan si Lara. Agad niyang tinungo ang pinto para salubungin ang dalaga. He glanced at the wall clock. It was almost eleven in the evening. Ganitong oras pala dumarating si Lara mula sa trabaho nito. Binuksan niya ang pinto.

“Hi,” he greeted her.

“Dadan!” gulat na sabi ni Lara. “O, bakit gising ka pa? Hindi ka ba makatulog? Naiinitan ka ba?”

He laughed softly. “Isa-isa lang ang tanong,” aniya habang inila-lock ang pinto. “I was actually waiting for you. Sabi ko kay Nay Vilma matulog na siya. Hinihintay ka ba niyang makauwi?”

“Ha? Ah, hindi naman,” ani Lara na napahinto sa paghakbang. “Um, salamat, pero dapat ay natulog ka na lang. Hindi ba uso sa ’yo ang jetlag? Hindi mo ako kailangang hintayin. May dala akong susi.”

“I know, sinabi na rin ni Nay Vilma.” He quickly switched the topic. “Ganitong oras ka ba lagi dumadating galing sa trabaho?” he asked, frowning.

“Oo. Pero, okay lang iyon. Marami pang tao sa kalye kahit hanggang hatinggabi kaya hindi nakakatakot.”

“Hindi ka ba puwedeng magpalit ng shift?”

“Naku, Dadan, hindi ako puwede sa umaga kasi nga may klase ako.”

“Pero sem break n’yo na, right?”

“Oo, pero ilang linggo lang mag-i-start na ulit ang klase kaya hindi bale na lang.”

“May nakakasabay ka ba sa pag-uwi?” he asked as he sat on the sofa.

“Co-workers, may taga-dito rin sa village.” Umupo rin ito sa kabilang dulo ng sofa. “Teka! Kumusta ka naman? Okay ka lang ba dito? Hindi ba mainit sa kuwarto mo?”



“I’m okay, Lara, huwag mo akong alalahanin. Madali akong mag-adjust sa weather.”

Tumango ito. “Hindi ka pa ba matutulog?”

Hindi niya sinagot ang tanong nito. “Nag-dinner ka na ba?”

“Oo, kumain na ’ko bago umuwi. Ikaw, baka nagugutom ka. Gusto mo bang igawa kita ng midnight snack?”

“Hindi na, Lara. Salamat na lang. Besides, pagod ka na. Magpahinga ka na.”

Ngumiti ito at tumingin sa kanya. “Alam mo, tama nga si Grandma. Mabait ka nga talaga.”

Hindi maintindihan ni Jordan kung bakit ikinatuwa niya ang sinabi ng dalaga. Dati kasi wala siyang pakialam sa kung anong palagay sa kanya ng mga tao.

“Lara, hindi mo pa ako masyadong kilala. Paano mo nasasabi ’yan?”

She shrugged. “Madali namang ma-feel ’yun, eh. Bakit, bad boy ka ba d’un sa lugar ninyo?”

“Well, as far as I know, I didn’t do harm to anyone.”

“Talaga? Wala kang pinaiyak na girls?”

Tumawa siya. “Didn’t you just say that I’m nice? Bakit parang nagdududa ka agad sa akin ngayon?”

“Hindi naman. Iba lang kasi when it comes to... love and relationships. Kahit mabait ang isang tao, hindi pa rin maiiwasang makasakit ng iba kapag feelings na ang involved.”

“Hmm, love guru ka pala? You’re about twenty, right?”

“Twenty-two na po next, next, next month. At hindi ako love guru.”

“If you say so. At para sagutin ang tanong mo, wala akong pinaiyak. But I’m not sure kung walang sumama ang loob sa akin sa mga past girlfriends ko.”

“So, may asawa ka na pala ngayon?” Hindi sinabi ni Lara na alam niyang binata pa si Jordan. Natural, babalitaan nito ang Granda Vilma niya kung nagpakasal na ito.

Napatawa si Jordan. “Lara, wala pa akong asawa. I’m single.”

Napatangu-tango ang dalaga.

*Parang hindi naman siya interesado sa civil status*

ko, naisip ni Jordan. “What about you?” he asked.

“Ako? Siyempre wala akong asawa. Kita mo naman, di ba? Ni hindi nga ako nagbo-boyfriend.”

He arched his brows. “But why? Istrikto ba si Nay Vilma? Bawal ba?”

“Hindi naman. Fair lang si Grandma. Masuwerte nga ako sa kanya.”

“Ikaw lang talaga ang may ayaw.” He suddenly became interested. Maganda si Lara. Bilugan ang malamlam na mga mata at katamtaman ang tangos ng ilong. At ang best asset nito ay ang kulay-rosas at hugis-pusong mga labi. Imposibleng walang nanliligaw rito.

Ngumiti lang ang dalaga sa tanong niya. Senyales na hindi nito gustong sang-ayunan o salungatin ang sinabi niya. He changed the topic again.

“So, HRM ang kinukuha mong course? Saan?”

“You would know. Nabanggit ni Grandma, doon ka raw pumasok ng grade school. Hatid at sundo ka daw niya hanggang grade six.”

Hindi niya napigilan ang mahinang tawa. “Right. Kaya nga tinutukso ako lagi ng mga classmates ko,” sabi niya. “Mukhang marami nang naikuwento sa ’yo

*More Than You'll Ever Know - Dani Alba*

---

si Nay Vilma tungkol sa 'kin?"

# 3

Mula noon ay gabi-gabi nang nagkakausap sina Jordan si Lara. Lagi ring hinihintay ng binata ang kanyang pag-uwi. Hindi niya maitanggi sa sarili ang kilig na nadarama. And yes, she was beginning to like him.

Pero iba noong Sabado ng gabi. Hindi niya akalain na susunduin siya ni Jordan sa *Simut Sarap* mismo. Bagaman sa kotse lang ito naghintay at hindi na pumasok pa sa kainan. Bago sila umalis ay dumaan pa sila sa isang drive-thru para bumili ng pang-midnight snack.

Nagtagal ang kanilang kuwentuhan nang gabing iyon. At kahit paano ay nakilala na rin niya ang binata sa mga istorya nito.

Linggo. Day-off ni Lara sa fast food restaurant na pinapasukan at karaniwan na siyang lumalabas ng bahay pagkatapos ng tanghalian. Minsan ay nahihimok niyang sumama sa kanyang lakad si Vilma pero kapag may mga tanggap itong *for repair* na mga damit ay tumatanggi ito. Ang pananahi ang isa mga pinagkukunan ng ikinabubuhay nilang mag-lola.

Nang hapong iyon ay naisip niyang si Jordan ang yayaing mamasyal bagaman alam niyang lumalabas din ang binata at may mga inaasikaso.

“Saan tayo pupunta?” tanong nito matapos pumayag sa alok niya.

Sakay ng black *Honda Civic* nito ay nagtungo sila sa mall. Hindi na siya nag-inarte nang mag-offer ang lalaki na magkotse sila. Duda siya kung marunong mag-commute si Jordan.

Ang totoo, hindi niya masyadong na-feel ang pagsakay sa kotse nito nang nagdaang gabi, mas nangibabaw kasi sa kanya ang sorpresa at kilig.

“Paano kapag bumalik ka na sa Amerika? Eh, di ibebenta mo din ulit itong kotse mo?” tanong ni Lara.

Gusto niya lang malaman talaga kung hanggang kailan mamamasdan ng mga mata niya ang kaguwapuhan ni Jordan. Wala kasi itong binabanggit at hindi rin siya nagtatanong. Baka kasi isipin ng binata na itinataboy na niya ito.

“Sinabi ko bang babalik pa ako sa L.A.?” balik-tanong nito.

“Ha? You mean, dito ka na for good?”

“Ano sa palagay mo?”

Natilihan siya. Ano nga ba? “Sa palagay ko, joke lang ’yan. Bakit nagbebenta ka ng properties kung mamamalagi ka pala dito?”

Base sa mga kuwento ni Vilma, naging successful ang negosyo ni James Davidson, ang Fil-Am na ama ni Jordan. Nag-migrate ang mag-anak doon at naiwan ang ilang ari-arian ng mga ito sa Pilipinas.

Ayon kay Jordan ay nagtatrabaho ito sa kompanya mismo ng ama. Kaya kung sa Pinas na titira ang binata, puwede nga rin siguro na mag-establish ito ng sariling business. May pera ito at may pinag-aralan.

“Iyong properties lang naman na hindi na naaasikaso ang ibinebenta ko. Iyong house and lot namin, doon pa rin. Under renovation and for repaint pa nga lang sa ngayon, para na rin sa paglipat ko.”

“Di kapag okay na pala ang bahay ninyo, aalis ka na sa amin?” Hindi niya naiwasan ang lambong sa tinig.

“Bakit? Would you feel sad kapag umalis na ako?” He glanced at her before shifting his eyes back to the road.

“Nasanay na kasi kami ni Grandma na nandiyan ka. Maninibago na rin ako kapag umalis ka,” pahayag niya.

Wala pa nga itong isang linggo sa kanila ay nasasanay na siya sa presensya nito. Hindi na ma-imagine ni Lara kapag wala si Jordan. Hindi siya sanay malungkot. Karaniwan na ay pinasasaya niya ang sarili sa kabila ng mga problema.

“Matatagalan pa before I leave your house. Mahabang panahon ding walang nakatira sa bahay aside from the caretaker so there’s a lot of work to be done. I’m sure sawa ka na sa mukha ko bago pa ako makalipat. So hindi ka na maninibago.”

She pouted. Kung puwede lang na sa kanila na lang tumira si Jordan habang-buhay.

“By the way, may nadaanan akong private resorts sa Pansol kahapon after my meeting. Why don’t we go swimming? Tayo nila Nay Vilma.”

She was delighted. “Swimming? Wow! Ang tagal ko nang di nakapag-swimming.” Bahagyang binagalan ni Jordan ang pagpapatakbo sa sasakyan.

He smiled. “Let’s make it next weekend. Magsama ka na rin ng friends mo from college o kaya ay mga co-workers. I’ll take care of everything.”

“Talaga? O, sige. May isasama akong friends. Dalawa sila.”



Ibinaba ni Jordan si Lara sa isang entrance sa gilid ng mall bago nag-drive sa parking lot ng building. Hindi nila napag-usapan kung saan siya hihintayin nito. Naisip niyang hindi naman ganoon kalaki ang mall para hindi niya makita si Lara. He forgot to ask her number, pero kung talagang hindi sila magkatagpo, may public address system naman ang mall.

Nagsuot siya ng shades bago bumaba ng kotse.

Nasa entrance pa rin ito, doon sa pinagbabaan niya, naghihintay. He waved at her. Kumunot ang noo nito nang makita siya.

“Bakit ka nag-shades? Natakpan tuloy ang gorgeous eyes mo.”

Napangiti siya sabay pisil sa pisngi nito. “Bolera!”

“Hoy, hindi ako nambobola, ha! Hindi ka ba aware kung gaano ka ka-hot? Subukan mong alisin ’yang shades mo. Baka mamaya dumugin ka bigla ng mga tao dahil napagkamalan kang artista.”

“Let’s just go inside. Huwag mo na ding pansinin ang shades ko.” Hinawakan na niya sa kamay ang dalaga at iginiya sa entrance.

---

Kaunti na lang at mamimilipit na si Lara sa kilig. Ramdam pa rin kasi niya ang pagpisil ni Jordan sa kanyang pisngi. Buti na lang at hindi oily ang mukha niya. At buti kahit hindi siya kagandahan ay makinis ang pisngi niya. Kanina pa rin hawak ni Jordan ang kanyang kamay. Sana lang ay hindi nagpapawis ang palad niya. Ilang kababaihan na ang napansin niyang napapatingin sa kanila, partikular sa kasama.

Nabigla siya nang hilahin siya nito papasok sa isang kainan. Hindi pa siya nakakapasok sa restaurant na iyon. Sa dulong mesa na pandalawahan sila pumuwesto. Tinanong siya ng binata kung ano ang gusto niya, pero ipinaubaya na niya rito ang pag-order.

“Jordan? Jordan Davidson?”

Napatingin siya sa kabilang table. May dalawang babaeng mestizahin at sexy na buong pagkamanghang nakatanga kay Jordan.

“It’s you! Jordan Davidson! Oh, God!” halos magtitiling sabi ng isa sabay tayo at lapit sa kanila.

Napatayo na rin ang isa na nanlalaki ang mga mata at tutop pa ang bibig sa pagtataka ni Lara.

“Kilala mo sila?” tanong niya sa binata. Hindi ito sumagot. Hindi rin niya matiyak ang reaction nito

dahil sa suot na salamin.

“Oh, heavens! Jordan Davidson!” animo kinikiliting sambit ng babae sa pangalan ng binata. Napatingin ito sa kanya. “PA ka ba ni Jordan?”

Kumurba ang kanyang mga kilay. PA? Ano ang pinagsasabi nito? Napatingin siya kay Jordan. Pantay ang mga labi nito, parang galit.

“Oh, wait! Can you take pictures of us together?” sabi ng babae kay Lara. “Sige na, please!”

Pero parang hindi naman nakikiusap ang babae dahil ipinilit sa kanya ang cell phone nito. Sumakay na lang muna siya bagaman wala pa siyang mawawaan sa mga nagaganap.

“Dadan, alisin mo muna kaya ’yang shades mo para makita ka lalo sa picture,” she ordered impatiently. “Pagbigyan na natin itong mga fans mo,” may bahagyang inis na dagdag niya.

Sinunod naman siya ng binata na lalong nagpawala ng composure ng mga babae. She couldn’t blame them. Jordan was very manly and really oozing with sex appeal.

Dalawang shots ang hiniling ng babae na kunan niya. Pagkatapos nito ay iyong isa naman ang nagpa-

picture. Tulad ng nauna ay umakbay pa ang sunod na babae kay Jordan.

*Ang lalandi!*

“Thanks, Jordan! Ang guwapo mo talaga!” anang naunang babae pagkatapos. Tumingin din ito sa kanya at nagpasalamat.

Bumalik ang mga ito sa sariling table.

Tumingin sa kanya si Jordan. She met his eyes with her inquisitive stare.

---

“Akala ko pa man din kilala na kita kahit paano, ’tapos hindi ko alam ang tungkol d’un? Akala ko ba sa kompanya ng tatay mo ikaw nagtatrabaho? ’Tapos malalaman ko mula sa mga swooning fans mo na model ka pala ng *J.J. Prime*? Bakit hindi mo sinabi?” sunud-sunod na tanong ni Lara kay Jordan pagkapasok na pagkapasok nila ng living room. Halata sa boses ang inis.

“Well, I never had the chance.” Hindi na niya kailangang sabihin kay Lara na ang tinukoy nito ang mismong kompanya ng kanyang ama.

“Walang chance? Gabi-gabi tayong magkausap! Ang daya! Nagmukha tuloy akong tanga. Wala akong

kamalay-malay na isa palang sikat na model ang kasama ko kanina sa mall. Kaya pala nagsuot ka pa ng shades, para hindi ka makilala ng mga tao. Nakakainis ka, Dadan!”

Kahit gusto niyang matawa sa nagwawalang dalaga ay pinigilan niya ang sarili. “Lara, calm down! There’s no big deal.”

“No big deal? Napagkamalan pa nga akong PA mo! Hay, badtrip talaga! Magpasalamat ka, ha, at marunong akong sumakay.”

“Thank you.”

Tumahimik ito pagkuwa’y tiningnan siya nang matalim.

“Ano’ng nangyayari?” Kapwa sila napatingin kay Vilma na lumabas mula sa kusina. “Sino ang kaaway mo, Lara?” tanong nito sa apo.

“Grandma, alam mo ba na iyang dati mong alaga ay isa na palang modelo ngayon at sikat siya kahit dito sa ’tin?” tanong ni Lara na hindi inaalis ang mga mata sa kanya.

Galit ba talaga ito sa kanya?

Napatingin si Vilma kay Jordan. “Oo, nasabi naman sa akin ni Dadan. Eh, ano ba’ng problema?”

Nakita niya ang pagtaas ng mga balikat ni Lara. “So, ako lang pala talaga ang hindi nakakaalam?”

“Lara, please, huwag mo namang ikagalit itong nalaman mo. I didn’t tell you kasi ayokong isipin mo na ang yabang ko—”

“Ang yabang mo!” bulyaw nitong mukhang hindi talaga balak pakinggan ang paliwanag niya dahil sinabayan na nito iyon ng talikod at nagmartsa paakyat ng hagdan.

“Naku, anak, hayaan mo na muna si Lara. Ganyan lang ’yan pero madali namang humupa ang galit.”

“Ano’ng dapat kong gawin, Nay Vilma?”

“Huwag mo muna siyang kausapin. Hintayin mong siya ang mauna. Gan’un siya kapag nagagalit o nagtatampo. Siya rin ang unang nakikipag-ayos.”